REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA

KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BLG. 96-319**

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY PARANGAL SA ILANG MGA KAGAWAD NG KUWERPO NG PULISYA SA PANGUNGUNA NI S/INSP. LEVI G. SOLEDAD AT SAMPUNG TAUHAN NG MUNTINLUPA POLICE STATION SA PAGKAKAHULI NG MGA TAONG NAGBIBILI NG IPINAGBABAWAL NA MARIJUANA.**

*************************************************************************************

Ipinanukala ng: **LAHAT NG MIYEMBRO NG SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

*************************************************************************************

**SAPAGKAT,** sa pamamagitan ng masusing pag-iimbestiga, maingat na pagsubaybay at pagmamatyag, kasama sa iisang layunin upang makatulong sa ikasusulong ng adhikain ng Pamahalaang Lungsod na mabawasan ang salot sa lipunan, ay napag-alaman nina **S/INSP. Levi G. Soledad, SPO3 Aniceto A. Acabo, SPO2 Lerma D. Dela Rosa, SPO2 Donato Alberto, SPO1 Giovani S. Martinez, PO3 Avelino A. Luyon, PO3 Efren L. Loresca, PO2 Jonald C. Rivera, PO2 Arthur M. Meneses, SPO2 Wilfredo I. Antonio at SPO2 Romeo F. Caudelia,** na may mga taong nag-iingat, namamahagi at nagbibili ng mga ipinagbabawal na pinatuyong dahon ng marijuana sa isang lugar ng mga squatter sa San Jose Subdivision, Barangay Alabang, Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** noong ika-3 ng Setyembre 1996 humigit kumulang na ika-10:45 ng gabi ay isinagawa ng mga nabanggit na mga pulis ang isang "buy-bust operation" sa nabanggit na lugar at kanilang natutop at nahuli ang isang nagngangalang Loreta D. Banaw-ol alyas Manang , 60 taong gulang na taga- Hingyon, Ifugao at mga kasamahang sina Maria Dumcangay at Benito Puginay na noon ay kasalukuyang nagsasalin ng marijuana sa isang supot na plastik ;

**SAPAGKAT,** ang kabuuang timbang ng marijuana na nahuli at nakumpiska sa mga suspek ay umabot sa 80 kilo at nagkakahalaga ng humigit kumulang sa P207,500.00;

**SAPAGKAT,** napakalaki ng kasamaan ang maidudulot sa pamayanan lalo na sa mga kabataang siyang unang nagiging tagatangkilik ng ibinagbabawal na damo kung ang mga ito ay maipapamahagi at maikakalat;

**SAPAGKAT,** bilang pagkilala sa katangi-tanging ginawa ng mga nabanggit na mga kagawad ng pulisya sa pagtupad ng kanilang tungkulin para sa pagsugpo ng paglaganap ng mga ipinagbabawal na gamot ay nararapat lamang na bigyan sila ng isang parangal at papuri;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ay buong pagkakaisang pinagpasyahan ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa na bigyang parangal at papuri sina **S/Insp. Levi G. Soledad, SPO3 Aniceto A. Acabo, SPO2 Lerma D. Dela Rosa, SPO2 Donato Alberto, SPO1 Giovani S. Martinez, PO3 Avelino A. Luyon, PO3 Efren L. Loresca, PO2 Jonald C. Rivera, PO2 Arthur M. Meneses, SPO2 Wilfredo I. Antonio at SPO2 Romeo F. Caudelia** sa kanilang katangi-tanging pagtupad ng tungkulin.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong ika - 9 ng Setyembre, 1996 sa ginanap na ika - 54 na Regular na Sesyon.

**SUMANG-AYON:**

| | |
|---|---|
| **KGG. MELCHOR R. TEVES** | **KGG. DANTE S. ALMARIO** |
| Konsehal | Konsehal |

**City Hall of Muntinlupa**
**National Road, Putatan, City of Muntinlupa, Philippines**
**Tel. Nos. 842-35-35 (local 51) 842-36-64**
**Fax No. 842-61-96**

REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA

KALAKHANG MAYNILA

## Sangguniang Panglungsod

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng Punong Barangay

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Pinatototohanan ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

PINATUTUNAYAN:

**KGG. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

PINAGTIBAY:

**KGG. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

9/17

Petsa : 7/19

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, City of Muntinlupa, Philippines
Tel. Nos. 842-25-25
(local 51) 842-26-64
Fax No. 842-61-96